

Impormasyon sa COVID-19 na bakunang AstraZeneca (ChAdOx1-S) sa NSW

Binago nitong ika-25 ng Marso 2021

Itong pahina ng impormasyon ay tungkol lamang sa COVID-19 na bakunang AstraZeneca (ChAdOx1-S). Dalawang dosis ang pagtuturok ng bakuna. Ang pangalawang dosis ay ituturok sa bandang ika-12 na linggo matapos ang unang iniksyon. Ang bakuna ay ituturok sa itaas na bahagi ng braso mo.

Bakit mahalaga para sa akin na maturukan ng COVID-19 na bakuna?

Ang magkasakit ng COVID-19 ay may pagkaseryoso at maaaring mauwi sa pagkamatay, sakit na kinakailangang ipasok ang tao sa ospital at/o may mga pangmatagalang kumplikasyon, lalo na sa mga may-edad na matatanda o mga may dati nang dinaranas na mga sakit.

Maaari kang magkasakit ng COVID-19 na walang anumang mga sintomas na nakikita at maikakalat ito sa pamilya, mga kaibigan at mga katrabaho, marami sa kanila ay maaaring may mas mataas ang peligrong mahawaan. Ang pagiging malusog ay hindi nagpapabawas sa peligrong magkasakit ng COVID-19 o maipasa ito sa iba.

Mapoproteksyunan ba ako ng bakuna?

Ang COVID-19 na pagbabakuna ay may malaking kinalaman sa pagpapaliit ng pagkakataong magkasakit ka ng COVID-19. Kagaya ng lahat ng mga gamot, walang bakuna ang lubos na epektibo. Dadaan ang ilang mga linggo para magbuo ang iyong katawan ng proteksyon galing sa bakuna. Ang ilang mga tao ay magkakasakit pa rin ng COVID-19 kahit nabakunahan na, ngunit ang sakit ay lalabas na mas mahina.

Ligtas bang gamitin ang bakuna?

Ang COVID-19 na bakunang AstraZeneca (ChAdOx1-S) ay nagpakita ng pagiging ligtas na gamitin sa pagsusuri sa malalaking pagsusuring klinikal na libo-libong katao ang ginamit sa pag-aaral. Ito ay sinubaybayan din ukol sa mga problema sa kaligtasan matapos ibigay sa milyong mga katao sa buong mundo. Ang anaphylaxis ay isang grabeng reaksyon ng dipagkahiyang (allergy) na maaaring mangyari kaagad matapos ang pagbakuna. Bihira ang anaphylaxis matapos ang pagkaturok ng COVID-19 na bakunang AstraZeneca (ChAdOx1-S). Ang naulat na kaso ng anaphylaxis sa programa ng pagbabakuna ng COVID-19 na bakunang AstraZeneca (ChAdOx1-S) sa Inglatera (United Kingdom) nitong Enero 2021 ay 1 kaso sa bawat milyong dosis na naiturok sa mga tao.

Mayroong bagong mga ulat mula sa ibang mga bansa nang pambihira at natatanging sakit na pamumuo ng dugo sa daanang-ugat (cerebral venous sinus thrombosis; CVST) matapos ang pagkabakuna ng COVID-19 na bakunang AstraZeneca. Hindi pa alam kung itong sakit na ito ay konektado sa pagkabakuna. Ang mga kasong CVST na naulat sa ibayong bansa ay kalimitang nagaganap 4 hanggang 14 na araw matapos ang pagturok ng bakunang AstraZeneca at bibihira lamang (hanggang sa 8 mga kaso lang sa isang milyong dosis na naiturok na bakuna). Isinasagawa ang karagdagang mga pag-aaral sa mga pasyenteng ito upang maintindihan kung mayroon nga bang posibleng koneksyon sa pagbabakuna. Walang naitalang mga kaso ng CVST na may kinalaman sa pagbabakuna hanggang sa panahong ito dito sa Australya.

Sa pagkalahatan, nahihigitan ng mga benepisyo ng COVID-19 na pagbakuna ang anumang potensyal na panganib.

Ang bakuna ba ay magbibigay ng proteksyon sa mga taong malalapit sa akin?

Ang ebidensya tungkol sa kung gaano karaming COVID-19 na pagbabakuna na magpapabawas sa pagkakataong maipasa mo sa iba ang mikrobyo (virus) ay di gaanong malinaw. Baka bawas na ang tindi ng anumang impeksyong danarasin ng taong nabakunahan na at malamang na hindi na mangyaring maipasa pa ng taong nabakunahan na ang impeksyon sa kanilang mga kaibigan at pamilya at sa mga taong madaling matamaan ng sakit (vulnerable) na kanilang inaalagaan. Subali't, ang ilang mga taong nabakunahan na ay nagkakasakit pa rin ng katamtamang sakit o isang impeksyon na walang ipinapakitang anumang mga sintomas at naipapasa ang mikrobyo (virus).

Ano ang mga epekto (side effects) na maaari kong maranasan?

Gaya ng lahat ng mga gamot, ang mga bakuna ay nakapagdudulot ng mga masamang epekto. Ang mga epekto mula sa COVID-19 na bakunang AstraZeneca (ChAdOx1-S) ay karaniwang malumanay hanggang banayad at kalimitang di-nagtatagal at hindi nangyayari sa lahat ng tao. Ang mga epekto ay makapagpapasama sa pakiramdam ng ilang mga tao ngunit ito ay nagtutukoy na ang inyong naturalesa ay sumasagot sa bakuna. Bihirang mangyari ang mga epekto mula sa bakuna matapos ang ikalawang dosis at lalong pangkaraniwan sa mga taong bata-batang edad.

Kabilang sa napakakaraniwang mga epekto (side effects) sa loob ng 1-2 mga araw matapos ang pagbabakuna ay:

- masakit, malambot o namamaga ang lugar ng pinag-iniksyunan.
- pagod na pakiramdam
- pakiramdam na magkakasakit
- masakit ang ulo
- mga pananakit ng pangkalahatang kalamnan
- lagnat
- mga pagkaginaw
- pananakit ng kasu-kasuan
- parang masusuka.

Itong mga sintomas ay kalimitang mawawala pagkalipas ng ilang araw. Makakainom ka ng normal na dosis ng paracetamol o ibuprofen at magpahinga upang matulungan kang bumuti ang pakiramdam kung magkaroon ka ng mga sintomas matapos ang pagbakuna. Hindi ka dapat uminom ng mga gamot na ito bago ka magbabakuna. Kumunsulta ka sa doktor kung ikaw ay nag-aalala o kung ang lagnat ay hindi maalis kaagad dahil maaaring nagtutukoy ito na may ibang pinagmumulan ang iyong lagnat.

Tulad ng alinmang bakuna kung ang iyong mga sintomas ay tumagal ng lampas sa ilang mga araw, lumalala ang inyong mga sintomas o ikaw ay nag-aalala, mangyaring makipag-usap sa regular mong doktor o tagadulot ng bakuna.

Kung hihingi ka ng payo sa isang propesyonal sa kalusugan, tiyakin na sabihin ang tungkol sa iyong pagkabakuna (ipakita sa kanila ang rekord ninyo sa pagkabakuna) para matasa nila ikaw nang mabuti.

Maaari ding ikaw na mag-ulat ng sus-petsadong mga epekto (side effects) ng bakuna sa pamamagitan ng boluntaryong follow-up na sarbey ng AusVaxSafety SMS na maaari ninyong natanggap sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono ng NPS MedicineWise Adverse Medicine Events na **1300 134 237** (8n.u–8n.g. Lunes–Linggo) o sa kompyuter, sa pamamagitan ng [website ng TGA](#).

Kahit na mayroon kang ilan sa mga pangkaraniwang sintomas matapos ang unang dosis, kailangan mo pa rin ang ikalawang dosis. Kahit na makakuha ka ng ilang proteksyon doon sa unang dosis, maaaring hindi ito magtatagal maliban kung magpaturok ka ng ikalawang dosis. Kailangan ang ikalawang dosis para mabigyan ka ng mas malakas at pangmatagalang proteksyon.

Sino ang hindi pwedeng mabakunahan?

May maliit na bilang ng mga tao ang hindi mabibigyan ng laban sa COVID-19 na bakunang AstraZeneca (ChAdOx1-S) – Kabilang dito ang mga sumusunod:

- Mga taong nagkaroon ng anaphylaxis (isang uri ng matinding reaksiyon na alerdyi) matapos ang naunang dosis ng bakuna
- Mga taong nagkaroon ng anaphylaxis dahil sa isang sangkap na nasa bakuna (kabilang dito ang polysorbate 80, isang napakabihirang alerdyi). Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga sangkap ng bakuna, mangyaring basahin ang [impormasyon para sa gumagamit ng produkto](#) (consumer product information).
- Ang mga taong may kasaysayan ng natatanging klase ng mga pamumuo ng dugo sa daanang mga ugat sa utak na tawag ay cerebral venous sinus thrombosis (CVST), o may kasaysayan ng sakit na heparin induced thrombocytopenia (HIT). Ang sakit na HIT ay may kinalaman sa kumplikasyon sa paggagamot ng naturalesa na gamit ang 'heparin' na nakakaapekto sa paggana ng platelet.

Maaari bang bakunahan ang mga taong may iba pang mga alerdyi ng COVID-19 na bakunang Astra Zeneca (ChAdOx1-S)?

Halos lahat ng mga taong may mga alerdyi ay maaaring bakunahan ng laban sa COVID-19 na bakuna. Kabilang dito ang mga taong may alerdyi sa pagkain, hika (asthma) o sipong may lagnat (hayfever). Ang mga taong nagkaroon ng anaphylaxis (isang uri ng grabeng reaksiyon ng alerdyi (severe allergic reaction) sa isang tanging COVID-19 na bakuna o sa isang sangkap na nasa COVID-19 na bakuna ay hindi na dapat mabigyan ng isa pang dosis ng bakuna. Maaari silang mabigyan ng ibang kapalit na klase ng bakuna laban sa COVID-19.

Para sa ibang mga tao, maaaring kinakailangan ang pag-iingat bago mabakunahan katulad ng pagkonsulta muna sa isang eksperto sa alerdyi, mabakunahan sa isang pasilidad na may mga kawani sa paggagamot at maobserbahan ng hindi kukulangin ng 30 minuto matapos mabakunahan.

Sakop dito ang mga taong nasa sumusunod na mga grupo:

- mga taong sinususpetsahang nagkaroon ng masamang reaksiyon (allergic reaction) matapos ang isang dosis ng bakuna laban sa COVID-19.
- mga taong nagkaroon ng masamang reaksiyon (ngunit hindi anaphylaxis) sa isang sangkap sa bakuna laban sa COVID-19.
- mga taong nagkaroon ng anaphylaxis sa iba pang mga bakuna o gamot (kabilang ang mga iniiniksyon o iniinom na mga gamot) na maaaring may karaniwang sangkap sa bakuna laban sa COVID-19 na bakuna (kagaya ng polyethylene glycol, isang sangkap sa Comirnaty, o polysorbate 80, na isang sangkap ng bakunang Astra Zeneca laban sa COVID-19).
- mga taong maysakit na 'mast cell activation'.

Paano kung mayroon akong kasaysayan ng mga pamumuo ng dugo sa daanang-ugat?

Walang ebidensya sa pangkalahatan na tumaas ang peligro ng mga pagmumuo sa daanan ng dugo matapos ang COVID-19 na pagbabakuna sa mga taong may kasaysayan ng sakit na pamumuo ng dugo. Inirerekomenda parin ang COVID-19 na bakunang AstraZeneca sa mga taong may kasaysayan ng pamumuo sa daanan ng dugo, maliban doon sa mga mayroong natatanging sakit na CVST at HIT na ipinaliwanag sa itaas. Ito ay isang paraan ng pag-iingat hanggang sa malaman natin ang resulta sa mga pag-iimbestiga nitong mga kasong CVST na naulat sa ibayong bansa.

Ang mga taong may kasaysayan ng deep venous thrombosis o pulmonary embolism; mga taong may kadahilanang peligro sa pagkakaroon ng pamumuo ng dugo sa daanang ugat (thrombosis) (tulad ng paggamit ng tabletang iniinom para hindi magbuntis o nagsisigarilyo); mga taong may sakit na thrombocytopenia (mababa ang mga platelet na nangyayari sa pamumuo ng dugo (clotting condition); mga taong may iba pang mga sakit ng pamumuo ng dugo na alam na natin; mga taong umiinom ng gamot na 'anticoagulants' (halimbawa: warfarin) at mga taong may kasaysayan ng sakit sa puso (tulad na inatake sa puso o stroke) ay lahat maaaring maturukan ng bakuna.

Paano naman ang ibang mga taong may ibang mga sakit?

Ang mga taong may ilang mga sakit o mga sitwasyong nakalista sa ibaba ay dapat makipag-usap sa kanilang doktor o tagapagbigay ng bakuna tungkol sa pinakamagaling na tiyempo para sa COVID-19 na pagbakuna. Maaaring mabakunahan na kayo ngayon o maaari kayong abisuhan o pumili na saka na lang magpabakuna. Kabilang dito ay kung sakaling:

- Masama ang pakiramdam o nagkaroon ng lagnat bago pa ang iyong pakikipagtipan
- Ikaw ay buntis
- Maysakit ka sa pagdudugo o umiinom ng gamot na pampalabnaw ng dugo (blood thinner)
- Mahina ang iyong naturalesa (immunocompromise) o umiinom ng mga gamot na pinapababa ang iyong naturalesa
- Dati ka nang may diyagnosis na nagkaroon ng COVID-19.

Ang bakuna ay walang laman na mikrobyo (virus) na maaaring dumami sa loob ng katawan, kaya ito ay ligtas na gamitin para sa mga taong may problema sa kanilang naturalesa ngunit baka hindi rin tumalab.

Mangyaring pag-usapan ninyo ng doktor o tagapagbigay ng bakuna ang tungkol sa iyong mga sakit at mga gamot na iniinom bago ka dumalo o habang nasa una mong pagtipan sa pagbabakuna.

Paano kung ako ay buntis, pakiwari ko ay buntis o nagpapasuso?

Maaari kang magpabakuna ng laban sa COVID-19 na bakunang AstraZeneca kung ikaw ay nagpapasuso. Walang inaasahang mga pag-aalala sa ganitong uri ng bakuna para sa mga nagpapasusong kababaihan.

Kung buntis ka, dapat mong pag-usapan ang pagbabakuna sa iyong doktor o tagapagbigay ng bakuna. Katulad ng anumang mga bagong gamot at bakuna, ang bakuna ay hindi pa nasubukan sa maraming bilang ng mga babaing buntis. Ang bakuna ay hindi sadyang inirekomenda habang nagbubuntis, ngunit ang ilang kababaihang buntis ay maaaring piliin ang pagbabakuna kung mahihigitan ng mga benepisyo ng pagbakuna ang anumang potensyal na mga peligro

Walang katibayan na ang mga babaing nagbuntis pagkatapos ng pagkabakuna laban sa COVID-19 ay tumaas ang peligro sa pagkakaroon ng mga komplikasyon na makakaapekto sa kanilang pagbubuntis o kalusugan ng kanilang dinadalang sanggol.

Ang [tulong sa pagdidisyon sa mga kababaihan na buntis, nagpapasuso o nagpaplanong magbuntis ukol sa COVID-19 na pagbabakuna](#) ay maaaring makakatulong sa iyo na magpasiya kung ang pagkabakuna laban sa COVID-19 habang nagbubuntis ang tamang pinili mo.

Kung nalaman mong buntis ka pala matapos ang pagbabakuna, wala ka nang dapat na ibang gagawin at ipagpatuloy ang iyong karaniwang gawain sa pangangalaga habang buntis. Ang bakuna ay walang laman na mikrobyo (virus) na dadami sa loob ng iyong katawan, kaya hindi ito magdudulot ng impeksyon sa iyo o sa iyong dinadalang sanggol. Ang mga babaing nagpapasuso o nagbabalak na magbuntis ay ligtas din na mabakunahan

Maaari ba akong bumalik sa trabaho pagkatapos mabakunahan?

Karamihan sa mga tao ay maaaring makapagtatrabaho matapos mabakunahan na magkakaroon lang sila ng mga banayad na sintomas. Kung ang iyong braso ay sumakit, maaaring mahihirapan kang magbuhat ng mabigat. Kung sumama ang iyong pakiramdam o pagod na pagod, dapat kang manatili sa bahay at magpahinga hanggang sa bumuti ang iyong pakiramdam. Karamihan sa mga sintomas ay tatagal lang ng mga 1-2 araw.

Ang mga sintomas sa hingahan gaya ng pananakit ng lalamunan, tumutulo o baradong ilong, walang panlasa o pang-amoy o kinakapos ng hininga ay hindi maaaring dahilan na nanggaling sa bakuna. Kung magkaroon ka nitong mga sintomas sa hingahan, kailangan mong magpasuri sa COVID-19 kaagad at ihiwalay ang sarili sa bahay hanggang sa makatanggap ng negatibong resulta. Kailangang ipagbigay-alam mo rin sa iyong taga-empleyo.

Kung magkaroon ka ng iba pang mga sintomas matapos ang pagbakuna gaya ng pagkapagod, pagsakit sa ulo, pananakit ng mga kalamnan at kasukasuan, giniginaw o lagnat ngunit wala nitong mga sintomas sa hingahan at ang mga sintomas ay tumagal ng hindi hihigit sa 48 na oras matapos ang iyong pagkabakuna, maaaring kakailanganin mong magpasuri sa COVID-19 o ihiwalay ang sarili. Kung ang mga sintomas ay mas malala pa kaysa sa inaasahan o tumagal ng mahigit sa 48 na oras pagkatapos ng iyong una o pangalawang dosis, kailangan mong magpasuri sa COVID-19 at ihiwalay ang sarili sa bahay hanggang sa makuha mo ang negatibong resulta. Kailangang ipagbigay-alam mo rin sa iyong taga-empleyo at sundin ang patnubay na ipinasusunod ng lokal na pampublikong kalusugan tungkol sa kung kailangan ang pagpa-test, dahil maaaring nagbabago ang mga patnubay na ito.

Paano kung magkaroon ako ng mga anumang sintomas sa hingahan pagkatapos ng pagbakuna?	Ano ang dapat kong gawin?
Maaaring kabilang sa mga sintomas sa hingahan ay: <ul style="list-style-type: none">• Ubo• Pananakit ng lalamunan• Nagtutulo o baradong ilong• Nawalan ng panlasa o pang-amoy• Kinakapos sa paghinga	Hindi mo masasagap ang COVID-19 galing sa bakuna. Subali't, dahil mga sintomas ito na maaaring COVID-19, dapat kang magpa-test at ihiwalay ang sarili sa bahay hanggang sa makatanggap ng negatibong resulta, nabakunahan man o hindi nitong nakaraang dalawang araw.

Paano kung magkaroon ako ng ibang mga pangkalahatang sintomas ng COVID-19 matapos na mabakunahan?	Ano ang dapat kong gawin?
<p>Mga pangkalahatang sintomas matapos ang pagbabakuna ay karaniwang maaaring malumanay hanggang sa banayad at maaaring kabilang ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagkapagod • Masakit ang ulo • Pananakit ng kalamnan o kasu-kasuan • Pagkaginaw o lagnat • Parang masusuka <p>Ang ilang mga tao ay maaari ding makaranas ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Masakit /pamamaga sa lugar ng pinag-iniksiyunan • Pamumula sa lugar ng pinag-iniksiyunan 	<p>Manatili sa bahay kung masama ang iyong pakiramdam. Makakainom ka ng normal na dosis ng paracetamol o ibuprofen at magpahinga upang matulungan kang makaramdan ng ginhawa kapag ikaw ay nagkaroon ng mga sintomas matapos ang pagkabakuna.</p> <p>Hindi ka kailangang magpa-test sa COVID-19 maliban lang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • kung magkaroon ka ng alinmang mga sintomas sa hingahan gaya ng pag-ubo o masakit na lalamunan, o kaya • kung ang mga pangkalahatang sintomas ay tumagal ng mahigit sa 48 na oras matapos ang iyong una o pangalawang pagkabakuna o • kung ang iyong mga pangkalahatang sintomas ay mas matindi kaysa sa inaasahan matapos ang pagkabakuna, o • sinabihan kang nagkaroon ka ng kontak sa isang kasong may COVID-19 at inatang magpasuri sa isang kawani ng pampublikong pangkalusugan.

Maaari ba akong magkaroon ng COVID-19 matapos ang pagbabakuna?

Walang bakuna na masasabing lubos ang pagka-epektibo, kaya kahit na nabakunahan ka laban sa COVID-19, mayroon pa ring tsansa na magkasakit ka ng COVID-19. Kung magkaroon ka ng anumang mga [pangkalahatang sintomas ng COVID-19](#) kaagad, na labas sa 48 na oras matapos ang iyong una o pangalawang pagkabakuna, magpa-test sa COVID-19 at manatili sa iyong bahay hanggang sa makuha mo ang negatibong resulta. Kung magkaroon ka ng anumang sintomas sa hingahan sa anumang oras, kailangang magpa-test ka at ihiwalay ang sarili kaagad.

Masasagap ko ba ang COVID-19 o flu mula sa bakuna?

Hindi mo masasagap ang COVID-19 o flu mula sa bakuna, ngunit maaari kang magkaroon ng banayad na mga sintomas gaya ng pagkapagod, paggiginaw at mga sakit sa kalamnan sa unang ilang mga araw matapos ang pagkabakuna. Mangyaring ipagpatuloy ang anumang regular na pagpapa-test sa COVID-19 na isinaayos ng iyong taga-employo.

Kailan ako hindi dapat pupunta sa aking tipanan ng COVID-19 na pagbabakuna?

Hindi ka dapat pumunta sa iyong tipanan ng COVID-19 na pagbabakuna kung ikaw ay:

- kasalukuyang buntis at hindi pa napag-usapan sa iyong doktor ang plano tungkol sa pagkakabakuna
- inabisuhan ka ng iyong doktor o ng klinika sa pagbabakuna na huwag munang magpabakuna laban sa COVID-19 sa ngayon
- nagpabakuna ng iba pang bakuna tulad ng bakuna laban sa flu nitong nakaraang 14 na araw bago pa ang iyong tipanan
- hindi mabuti ang pakiramdam o mayroong lagnat
- nagkaroon ng [anumang mga sintomas na maaaring nagmula sa COVID-19](#), gaano man kabanayad ang mga ito
- nanggaling sa isang [COVID-19 exposure location](#) nitong nakaraang 14 na araw, na malapit na kontak sa isang kaso ng COVID-19 o naghihintay ng resulta ng pagsusuri sa COVID-19.

Ano ang dapat kong dalhin sa aking tipanan sa COVID-19 na pagbabakuna?

- ID na may larawan mo at ID sa trabaho (kung nagpapabakuna ka dahil sa iyong ginagawang trabaho)
- Ang iyong Medicare card, kung mayroon ka (maaari ka pa ring bakunahan kahit na walang card)
- Impormasyon tungkol sa anumang sakit na mayroon ka, lalo na sa mga alerdyi, sakit sa pagdudugo o sakit na pamumuo ng dugo o kung umiinom ng pampalabnaw ng dugo
- Impormasyon tungkol sa anumang nakaraang COVID-19 na pagkabakuna (pangalan ng bakuna at petsa ng pagbakuna).

Ano ang dapat kong gawin matapos ang una kong pagkabakuna?

Magplano para sa iyong pangalawang pagtitipan, na dapat gagawin makalipas ang 12 na linggo pagkatapos ng iyong unang dosis ng bakuna. Mahalagang magpabakuna ng pangalawang dosis sa tiyempong ito para sa pinakamahasay na pagkakataon na maitatag sa katawan ang malakas at pangmatagalang proteksyon.

Tiyakin na pupunta ka sa susunod na pagtitipan para magawa ang pangalawang dosis upang matiyak na lubos kang napoprotektahan.

Paano kung masama ang aking pakiramdam sa araw ng aking pagtitipan?

Kung masama ang iyong pakiramdam o mayroon kang lagnat bago pa o sa araw ng iyong tipanan, mas mabuting maghintay na gumaling ka muna at saka magpabakuna. Kung masama ang iyong pakiramdam sa araw ng pangalawang dosis na naka-iskedyul, dapat mong ipa-iskedyul na muli sa lalong madaling panahon. Huwag kang pupunta sa tipanan kung kasalukuyang inihihinalay mo ang iyong sarili at naghihintay ng resulta ng test sa COVID-19.

Pagkatapos kong mabakunahan, kailangan ko pa bang sundin ang lahat na payo sa mga pag-iwas sa COVID-19?

Ang dalawang dosis ng bakuna ay magpapabawas sa pagkakataon na magkaroon ka ng malalang sakit na COVID-19. Walang bakuna ang lubos na epektibo. Dadaan ang ilang mga linggo bago pa makapagtatag ng proteksyon ang iyong katawan.

Kailangan mo pa ring sundin ang mga ipinasusunod na patnubay sa iyong lugar ng trabaho at ng pangkalahatang pampublikong kalusugan, pati na ang pagsusuot ng tamang gamit sa pampersonal na proteksyon at pakikisali sa mga iskrining (screening) sa lugar ng trabaho.

Para ipagpatuloy ang pagprotekta sa iyong sarili, inyong pamilya, mga kaibigan at kasama sa trabaho, dapat mong ipagpatuloy ang pagsunod sa [COVID-19 preventive measures](#) sa trabaho, bahay at kapag lumalabas.

Kailangan ko ba ng COVID-19 na bakuna kung nagpaturok ako ng bakuna sa flu?

Oo. Kailangan mo ng COVID-19 na bakuna kahit na nagpaturok ka ng bakuna sa flu, dahil hindi ka poprotektahan ng bakuna sa flu laban sa COVID-19. Ang bakuna sa flu ay karaniwang ibinibigay nang hindi bababa sa dalawang linggo bago pa o pagkatapos ng pagkabakuna ng COVID-19 na bakuna.

Makikita ko ba ang aking rekord sa pagkakabakuna?

Ang lahat ng mga COVID-19 na pagbabakuna ay itatala sa Australian Immunisation Register (AIR). Ito ay isang sapilitang kinakailangan sa ilalim ng pambansang batas. Makikita ng mga taong nagpabakuna sa kompyuter nila (online) sa mga website ng [Medicare](#), [MyGov](#) o [MyHealthRecord](#).

Karagdagang impormasyon

Pakibasa ang nauukol na polyetong [Impormasyon ng Gamot Para sa Gumagamit](#) (Consumer Medicine Information) para sa dagdag na impormasyon tungkol sa iyong bakuna pati na ang posibleng mga epekto.

Makakakuha rin ng mga [mapagkukunan tungkol sa COVID-19 ng Pamahalaang Australya](#).

Hangga't maaari, dapat kang makipag-usap sa iyong doktor o tagapagbigay ng bakuna sa anumang mga bagay na iyong ipinag-aalala tungkol sa COVID-19 na pagbabakuna **bago pa** ikaw pumunta sa iyong tipanan para mabakunahan.